Bakit dapat ka mag-alala tungkol sa West Nile virus?

- Maaari ka at ang iyong pamilya magkasakit dahil sa West Nile virus.
- Ang West Nile virus ay kinakalat ng mga lamok.
- Makukuha mo ang West Nile virus mula sa isang kagat ng lamok.
- Maaaring maramdaman mong para kang may sakit 3 – 15 araw pagkatapos mong makagat ng lamok.
- Ang mga taong nagkakasakit ay maaaring makaramdam na parang mayroon silang trangkaso (flu). Maaaring mayroon silang:
  - Lagnat
  - Sakit sa ulo
  - Masakit na katawan
  - Namumulang balat
- Ang ilang taong nagkaka-West Nile virus ay nagkakasakit nang husto at namamatay.
- Ang karamihan ng mga taong nagkasakit nang husto ay mga 50 taong-gulang o mas matanda, ngunit kailangan malaman ng lahat na may mga lamok, at iwasan ang mga ito.

Tawagan ang iyong doktor o klinika kung mayroon kang mga katanungan.

Brought to you by:

Santa Clara County Vector Control District

(408) 918-4770

1580 Berger Drive, San Jose, CA 95112
408-918-4770/800-675-1155
www.sccvector.org

Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa:

Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng California
www.westnile.ca.gov

Centers for Disease Control and Prevention
www.cdc.gov/ncidod/dvbid/westnile/

TAGALOG VERSION

LABANAN ANG KAGAT!



PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI AT ANG IYONG PAMILYA MULA SA WEST NILE VIRUS

Para sa karagdagang impormasyon:
www.westnile.ca.gov
1-877-WNV-BIRD o
1-877-968-2473

Ano ang magagawa mo?

Iwasan ang mga kagat ng lamok!

Ang mga lamok ay nangangagat sa umagang-umaga at sa mga unang oras ng gabi.

Pinakamarami ang mga kagat ng lamok dalawang oras pagkatapos bumaba ng araw.

Kung lalabas ka sa mga oras na ito, magsuot ng mahabang pantalon at mga pang-itaas na may mahabang manggas.

At gumamit din ng insect repellent na may DEET. Maglagay ng repellent sa iyong balat na hindi natatakpan ng mga kasuotan.

Dahil sa DEET sa insect repellent, hindi ka kakagatin ng mga lamok.

Maingat na sundin ang mga tagubilin.

Panatilihing ligtas ang iyong tahanan!

Ang mga lamok ay nangingitlog at lumalaki sa napupunan ng tubig.

Inaabot lamang ng 7 araw para lumabas ang lamok sa itlog at para ito ay lumaki.

Tanggalin ang napupunan ng tubig sa paligid ng iyong tahanan.

Tanggalan ng tubig ang mga balde, mga lumang gulong, mga paso, at mga laruan.

Palitan bawat ilang araw ang tubig sa mga lalagyan ng tubig para sa alagang-hayop at para sa paliguan ng mga ibon.

Maglagay ng mahuhusay na screen sa iyong mga bintana at mga pintuan.

Hindi makakapasok sa tahanan ang mga lamok kapag may screen.

Sabihin sa iyong mga kaibigan at mga kapitbahay!

Ang West Nile virus ay makikita na ngayon sa buong California.

Ang mga patay na ibon ay isang senyas na ang West Nile virus ay nasa iyong lugar.

Ang mga ibon tulad ng mga uwak, raven, at mga jay ay nagkakasakit nang husto at maaaring mamatay mula sa West Nile virus.

Hindi ka magkakaroon ng West Nile virus kapag humipo ka ng patay na ibon.

Upang sundan ang pagkalat ng birus, tinitingnan ng Estado kung saan mayroong mga patay na ibon.

Upang iulat ang isang patay na ibon, magpunta sa

www.westnile.ca.gov

o tumawag nang walang bayad sa

1-877-WNV-BIRD

o sa 1-877-968-2473.